

Minami no Kaze

Vol.44
Dec.2021



Selebrasyon sa pagiging Adult o nasa sa Hustong Gulang "Seijinshiki" (Seremonyas sa Pagpasok sa Hustong Gulang)

Ang pangalawang Lunes ng Enero ay walang pasok o holiday para salubungin ang mga bagong nasa hustong gulang. Ang mga babaeng new adults ay nagsusuot ng "Furisode" (magarbong kimono na may mahabang manggas), suit o damit. Sa mga lalaki naman na papasok sa hustong gulang ay nagsusuot ng Amerikana o "Haorihakama" (kimono para sa lalaki). Makakakita ka ng maraming new adults na nakasuot ng pormal sa araw na ito. Ang "Seijinshiki (pagdating sa hustong gulang)" ay isang pagdiriwang na ginagawa lamang sa Japan at merong mga new adults na nagkikitakita ng kanilang mga kaibigan, nagreunion o kumakain sa labas kasama ang pamilya para ipagdiwang ang araw na ito.

2022 Pagdating sa Hustong Gulang na seremonyas sa Yokohama City ay gaganapin sa Enero 10 (Lunes Holiday) sa Yokohama Arena.

Sa mga bagong adult, may tiket para makadalo sa seremonyas ay ipapadala hanggang kalagitnaan ng Disyembre. Para makadalo sa seremonyas kakailanganin ang tiket na ipinadala sa inyo. Ang seremonyas ay nakalivestream din sa araw na yon sa Yokohama City website.

Miyembro ng Executive Committee of Yokohama City Coming of Age Ceremony

Chen Danyan

Si Miss Chen ay nagtatrabaho bilang staff ng Minami Lounge. Siya din ay miyembro ng "Ninjiro Tankentai" nangangasiwa sa "Rainbow Space (lugar para sa batang hererasyon)" ng Naka International Lounge. Bilang miyembro ng "Niijiro Tankentai" sya ay lumalahok sa executive committee ng Yokohama City Coming of Age Ceremony. Nagdesisyon sya na makilahok ng malaman niyang ang mga banyagang kabataan sa kanyang paligid ay hindi alam kung ano ang "Shijinshiki" at hindi alam na ang seremonyas na ito ay patungkol sa kanila. Gusto ito maranasan ni Miss Chen at matutunan pa ang Japanese Shijinshiki sa pagsali sa komite at maipaalam sa lahat.



Miss Chen Danyan sa Furisode Kimono

Pagsapit mo sa hustong gulang maaari ka nang magdesisyon ng walang parental consent subalit may pananagutan ka na sa batas sa bawat maling gawa at desisyon mo.

Simula 2023, anong idad ang maaaring makasama sa Yokohama City Coming of Age Day Ceremony
↓
Ito ay 20 years old katulad pa rin ng dati

Simula Abril, 2022

Rebisyon ng Civil Code:
Hustong Gulang ay magiging 18 years old sahalip na 20 years old



Mga Pagbabago na maaaring mangyari sa pagbaba ng adult age ay.....

Ano ang puwede mong gawin bilang 18 years old na nasa hustong gulang

- Maaari kang gumawa o pumasok sa kontrata kahit walang pahintulot ng magulang (legal representative).
- Kumuha ng passport na may validity ng 10 years.
- Magkaroon ng propesyon basi sa National Qualification tulad ng Certified Accountant, Judicial scrivener, Pharmacist, at Doctor's licence.
- Magpakasal.
- Transgender na lalaki at babae ay maaari ng mag apply sa korte para opisyal na kilalanin ang kanilang kasarian.
- Kumuha ng lisensya para sa karaniwang bihikulong motor.

Ano ang kailangan mong antayin hanggang sumapit ka ng 20 anyos

- Uminom ng alcohol.
- Bumili ng tiket sa karera ng kabayo bicycle, sasakyan, boat at iba pa.
- Ang mag ampon .
- Kumuha ng lisensya para sa malaking motorsiklo o mid-sized na motorsiklo

〈Sanggunian galling sa City of Yokohama〉

From Minami Lounge

Minna no "WA" Festa 2021

Isinasagawa sa Minami Lounge ang "Mini Workshop Event" sa Nov.27 (Sabado) Maraming tao ang dumadalo at nakikisaya sa event na ito.



"Multikultural Stage" at "Japanese Speech" ay isasagawa at mapapanood sa aming website! Sa Nov.28 (Lingo), Kinunan namin ng video ang "Multikultural Stage". Ang mga palabas ay mapapanood sa Minami Lounge website simula Desyembre 10. Mangyaring panoorin ang aming mga palabas sa website.

Para mapanood ang Minna no "Wa!" Festa video mag access sa mga sumusunod na URL o basahin ang code sa baba.
<https://tabunka.minamilounge.com/about/festa2021>



→Basahin!

Multikultural Stage



Talumpati sa Japanese



Pagtitipon para sa mga Dayuhang Magulang "Pag-usapan natin ang tungkol sa pagpapalaki ng mga bata"

● Enero 19 (Miyerkules) 10:30~11:30

● Minami Lounge "Tamokuteki Room"

Ang sentro ng pagtitipon ay tungkol sa buhay kindergarten at nursery, ano ang mga dapat ihanda, mga events at tungkol sa pagkain. Ang mga paliwanag ay sa salitang English, Chinese, at easy Japanese. Mayroong pagbabasa ng Japanese book at oras ng awitan para sa mga bata.

▶ Para sa 8 dayuhan na nagpapalaki ng anak dito sa Japan. Maaari din sumali kasama ang anak.

▶ Ito ay walang bayad.

Pagkukuwento sa iba't-ibang Lenguahi ng Mundo

● Feb.22 (Martes) 11:00~11:45 ● Urafune Community House

Babasahin natin ang "The Gigantic Turnip" at "The Goldfish Got Away" sa Japanese, Chinese at English.

▶ Walong pares (Magulang at Anak) ▶ Walang Bayad



Impormasyon

Maraming institusyon ang nagsasara dahil sa New Years Holiday

● Minami Lounge

Sarado simula Dec.29th (Wed)~Jan.3rd (Mon)

● Yokohama City Hall / Minami Ward Office

Sarado simula Dec.29th (Wed) ~ Jan.3rd (Mon)

● Eskedyul sa pagkuha ng Basura at Recycled Products

Ang pagkuha ay hindi gagawin sa Dec.31 (Fri.)

hanggang Jan.3 (Mon.). Kung ang inyong nasusunog na basura ay kinokolekta ng Lunes at Biyernes, ito ay kukunin sa Dec. 29 (Wed.) at Jan.5(Wed.).

● Biglaang Pagkakasakit -Holiday Emergency Clinic (Internal medicine・Pediatrics)

Dec.30 (Thurs.) ~Jan.3 (Mon.), Sunday at

holidays 10:00~16:00 (Pagtanggap hanggang 15:30) Minami-ku, Shuku-cho 4-76-1/TEL:045-731-2416

Mag-aaply o Komuntak: Sa Tel., Fax o bumisita sa Minami Citizens Activity Multicultural Lounge Tel : 045-232-9544 FAX : 045-242-0897

Mayroong Kunsultasyon hinggil sa pang araw-araw na pamumuhay sa iba't-ibang lenguahe sa Minami Lounge

① **Impormasyon at pagpapayo hinggil sa pang araw-araw na pamumuhay (walang bayad)**

Office hours: Monday-Sunday 9:00~17:00 (Closed; 3rd Mondays, 29Dec.~3Jan.)

Telephone :(Japanese) 045-232-9544 (Foreign Language) 045-242-0888.

* Tignan sa baba para sa mga lenguahe at araw

【Mga Lenguahi at Araw】

Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday	Saturday	Sunday
Chinese	Chinese	Chinese English	Chinese Thai	Chinese Tagalog	Chinese	Chinese

② **Libring konsultasyon tungkol sa batas (2nd Thurs), visa (3rd Thurs) at edukasyon (4th Thurs)**

※ 13:30~, 14:30~ (Appointment ay kailangan. Tel.045-242-0888)

★ Ang Minami Lounge ay pinatatakbo ng YOKE sa tulong ng Minami Ward Office



Minami Lounge URL
<https://tabunka.minamilounge.com>